Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-21 NG HULYO, 2020 SA GANAP NA IKA-09:23 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**DI-NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |

**KAPASIYAHAN BLG. 51 T. 2020**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGBABADYET AT PAMAMAHALA (DEPARTMENT OF BUDGET AND MANAGEMENT) SA PAMAMAGITAN NI MGGL. WENDEL E. AVISADO NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG LABING APAT NA MILYONG (P 14,000,000.00) PISO UPANG ILAAN SA INSTALASYON NG STREET LIGHTS MULA SA KAHABAAN NG BARANGAY LEWIN HANGGANG SA BARANGAY CALIRAYA LUMBAN, LAGUNA.**

**Akda ni: Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**
**Tagapangulo - Lupon ng Pagawain Bayan**

**SAPAGKAT,** ang kahabaan ng mga daan mula sa Barangay Lewin hanggang sa Barangay Caliraya ay lubhang napakadilim sa gabi dahil walang ilaw ang mga poste ng kuyente;

**SAPAGKAT**, kung madilim ang kapaligiran, nagbubunsod ito sa masasamang elemento sa lipunan na gumawa nang mga bagay na labag sa batas;

**SAPAGKAT**, naniniwala ang mga opisyal ng Pamahalaang Bayan ng Lumban na ang Kalihim ng DBM, **MGGL. WENDEL E. AVISADO** ay may ginintuang puso na palagiang tumutugon sa mga makabuluhang kahilingan ng Pamahalaang lokal;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. na pinangalawahan nina Kgg. Ireneo R. Baldovino at Kgg. Orlando R. De Luna at sinang-ayunan ng lahat nang dumalo, ay;

**IPINASIYA,** tulad ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na mapitagang hilingin sa Kalihim ng Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamahala (Department of Budget and Management) sa pamamagitan ni Mggl. Wendel E. Avisado ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng labing-apat na milyong (P 14,000,000.00) piso upang ilaan sa instalasyon ng

Street Lights mula sa kahabaan ng Barangay Lewin hanggang sa Barangay Caliraya Lumban, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamahala na pinamumunuan ni Mggl. Wendel E. Avisado at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayon ika-21 ng Hulyo, 2020.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt072120res51*